

# Tugon ng Sound Transit sa COVID-19

## Pansamantalang pagbabawas ng serbisyo

Habang tinutugunan ng ating rehiyon ang pandemiyang COVID-19, binabawasan namin ang serbisyo ng Link light rail, mga tren ng Sounder at mga bus ng ST Express. Ang kasalukuyang mga iskedyul ng nabawasang serbisyo ay nasa [soundtransit.org/reduced-service](https://www.soundtransit.org/reduced-service) o makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng mga numero sa ibaba.

Tandaan, ang mga sanggunian sa pagpapalano sa biyahe gaya ng **Google maps, One Bus Away at iba pang app at website ay hindi magkakaroon ng tumpak na impormasyon para sa lahat ng biyahe.**

## Ano ang aasahan kapag sumakay ka

### Sumakay nang libre

Sinuspinde ang mga pasahe sa mga bus at tren hanggang magkaroon ng panibagong abiso.

### Sumakay mula sa likuran

Dapat gamitin ng mga pasahero ng ST Express ang pintuan sa likod hangga't maaari. Maaaring gamitin ang pintuan sa harap ng mga pasaherong may kapansanan na kailangang gumamit ng rampa o bumababang tampok. Nakareserba ang harapan ng mga bus para lamang sa mga pasaherong may kapansanan.

### Pag-upo para sa social distancing

- Walang nakatayong pasahero
- Isang nakaupong pasahero kada hilera ng mga upuan
- Mananatiling bakante ang mga upuang malapit sa operator para matiyak ang ligtas na distansiya.
- Kung "punó" na ang bus ayon sa panuntunan ng social distancing, isa pang bus ang ipapadala para isakay ang mga natitirang pasahero *kung may available na operator.*

## Kung paano namin pinagpasiyahan ang mga pagbabawas ng serbisyo

Lubhang bumaba ang pagsakay sa transit simula nang lumitaw ang COVID-19 dahil tama ang ginawa ng mga tao namanatili sa bahay hangga't maaari. Bilang tugon, binabawasan namin ang serbisyo sa antas na makakapagbigay ng kinakailangang pagbibiyaha para sa pamimili sa grocery, medikal na appointment o iba pang kritikal na biyahe, habang naglalaan ng sapat na mga sasakyan para matiyak na ligtas na mapapanatili ng mga pasahero ang social distance.

Nakikipagtulungan kami sa aming mga ka-partner sa operasyon para matiyak na hindi masyadong makakaapekto ang aming mga pagbabawas ng serbisyo sa mga pinakanangangailangan ng transit. Pinananatili namin ang mas maraming serbisyo sa mga susing ruta na nagsisilbi sa mas maraming bilang ng mga komunidad na may kulay, iyong mga malapit sa mahihirap, mga indibiduwal na may kapansanan at mga matatanda.

**Pinapanatili ng mga pansamantalang pagbabawas na ito ang aming sistema na matatag, matibay at handang bumangon pagdating ng panahon.**

## Hanapin ang pinakabagong impormasyon

Mag-sign up para sa mga text/email Rider Alert sa [soundtransit.org/subscribe](https://www.soundtransit.org/subscribe)

Subaybayan ang Sound Transit blog sa [soundtransit.org/platform](https://www.soundtransit.org/platform)

Subaybayan kami sa [Twitter](https://twitter.com/soundtransit)

## Kung paano namin napapabagal ang pagkalat

Dinagdagdan namin ang dalas ng paglilinis nang maraming beses kada araw, at sa ilang pagkakataon, oras-oras para sa lahat ng sasakyan, istasyon at plataporma. Kabilang dito ang:

- Dinagdagang paggamit ng mga disinfectant para punasan ang mga gabay, hawakan ng pinto, hawakan at mga palikuran.
- Paglilinis ng bawat sasakyan gamit ang inii-spray na disinfectant, kabilang ang mga hinahawakan gaya ng mga upuan, sahig, bintana, gabay, at ang lugar ng drayber.
- Paglilinis ng mga lugar na madalas hawakan sa mga plataporma at istasyon.
- Pagtanggap ng mga sasakyan sa serbisyo para ma-disinfect sakaling magkaroon ng mapanganib na sitwasyon.
- Pagpapaskil ng mga karatula sa sasakyan para maipaalala sa mga pasahero ang mahahalagang alituntunin sa kalusugan.

Ang madalas na paghuhugas ng kamay ay nananatiling isa sa pinakamaiinam na paraan sa pag-iingat ng iyong kalusugan at pagpapabagal ng pagkalat ng virus. Maghugas gamit ang sabon at tubig nang di-kukulangin sa 20 segundo at iwasan ang paghawak sa iyong mga mata, ilong at bibig nang hindi naghuhugas ng mga kamay. Umubo o bumahing sa loob ng iyong siko, hindi sa iyong kamay. At ang pinakamahalaga, manatili sa bahay kapag may sakit ka.

## Kung may nakita kang anumang maruming kalagayan sa tren o bus o sa istasyon, tumawag o mag-text sa aming Security Desk sa

**206-398-5268.** Mayroon itong mga kawani 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo.

## Mga Karaniwang Tanong ng mga Pasahero



main@soundtransit.org  
1-888-889-6368, TTY Relay 711  
Lunes - Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m.

## Tulong sa Wika



Para sa naisaling impormasyon tungkol sa isang proyekto o serbisyo sa transportasyon, mangyaring tawagan ang linya ng wika sa **1-800-823-9230** sa karaniwang oras ng negosyo: Lunes-Biyernes, 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m.

Dapat tukuyin ng tumatawag ang wika na kaniyang hinahanap sa kinatawan ng customer service, na siya namang makikipag-usap sa tagasalin. Isang three-way na tawag ang magaganap sa pagitan ng indibiduwal na humihiling ng tulong, ng tagasalin, at ng kinatawan ng customer service.

## Karapatang Sibil at mga Reklamo



Pinapatakbo ng Sound Transit ang mga programa at serbisyo ng hindi isinasaalang-alang ang lahi, kulay o pinagmulan na alinsunod sa Titulo VI ng Civil Rights Act. Sang-ayon sa mga kahilingan ng Titulo II ng Americans with Disabilities Act of 1990 (ADA), hindi ipagkakait ng Sound Transit ang mga serbisyo, programa, o aktibidad nito batay sa kapansanan. Sa mga dahilang ito, maaaring magsampa ng reklamo sa Sound Transit ang sinumang indibiduwal na naniniwalang pinagkaitan sila nang labag sa batas. Maaaring makuha ang karagdagang impormasyon sa Patakaran ng Sound Transit sa Titulo VI at sa mga hakbang sa pagsasampa ng reklamo ayon sa Titulo VI o ADA sa pamamagitan ng:

- pagtawag sa 800-201-4900; TTY Relay 711
- pag-email sa stdiscriminationcomplaint@soundtransit.org
- pagsulat sa Sound Transit, Attn: Customer Service, 401 S. Jackson St. Seattle, WA 98104